# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 7
## Ikatlong Markahan

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikatlong Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan 1

## Panitikang Luzon: Larawan ng Pagkakakilanlan

**Aralin 1: Mga Tulang Panudyo, Tugmang de Gulong, Palaisipan/Bugtong**

**A. Panimula**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang palaisipan. Mag-uunahan sa pagsagot ang mga mag-aaral sa klase. Umpisahan ang pagtatanong, pagkatapos ay tumawag ng isang mag-aaral upang siya naman ang magtanong. Maaaring hanggang 10 ang palaisipan.

Palaisipan:

Paano tatawa ang dalaga na hindi makikita ang kaniyang ngipin?

Sagot:

Tatakpan ng kaniyang palad ang kaniyang ngipin.

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

**Unang Pagbasa** (Maaaring gawing indibiduwal o pangkatan. Ipabasa ang teksto sa mga mag-aaral at pagkatapos ay ipaawit ito sa sa harap ng klase na may kilos.)

- **Awiting Panudyo/Tugmang de Gulong**

  Sabihin sa klase na ang awiting ito ay karaniwang pumapaksa sa pag-ibig, pamimighati, pangamba, kaligayahan, pag-asa, at kalungkutan o maaaring ginawa upang maging panukso sa kapuwa.

  Tingan ang halimbawa:

**Chit Chirit Chit**

Chitchiritchit alibangbang
Salaginto salagubang
Ang babae sa lansangan
Kung gumiri'y parang tandang.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng paghahambing ng mga katangian ng tula/awiting panudyo, tugmang de gulong, at palaisipan.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisasagawa ng mag-aaral ang pagsulat ng sariling tula/awiting panudyo, tugmang de gulong, at palaisipan batay sa itinakdang mga pamantayan

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng suprasegmental (tono, diin, antala) at mga di-berbal na palatandaan (kumpas, galaw ng mata, katawan, at iba pa) sa tekstong napakinggan
2. Nabibigkas nang may wastong ritmo ang ilang halimbawa ng tula/awiting panudyo, tugmang de gulong, at palaisipan

Santo Niño sa Pandacan,
Puto seco sa tindahan
Kung ayaw kang magpautang
Uubusin ka ng langgam.

Mama, Mama, namamangka
Pasakayin yaring bata
Pagdating sa Maynila
Ipagpalit ng manika.

Ale, ale namamayong
Pasukubin yaring sanggol
Pagdating sa Malabon
Ipagpalit ng bagoong.

**Sanggunian:**

Santiago, Erlinda M. et al. (2010). *Panitikang Filipino*. Mandaluyong City: National Book Store.

**Ikalawang Pagbasa** (Ipabasa nang tahimik sa mga mag-aaral ang teksto.)

- **Karunungang Bayan**

  Mayaman ang mga Pilipino sa karunungang bayan tulad ng salawikain, sawikain, bugtong, palaisipan, kasabihan, at mga kawikaan. Ito ang nagsilbing libangan ng mga ninuno noong unang panahon.

- **Bugtong**

  Ito ay binubuo ng isa o dalawang taludtod na maikli na may sukat at tugma. Ang pantig naman nito ay maaaring apat hanggang labindalawa.

  Halimbawa:

  Isang supot na uling,
  Naroroo't bibitin-bitin

  Sagot: duhat

  May ulo'y walang buhok,
  May tiyan, walang pusod

  Sagot: palaka

3. Nailalahad ang pangunahing ideya ng tekstong nagbabahagi ng bisang pandamdamin ng akda
4. Nasusuri ang nilalaman ng napanood na dokumentaryo kaugnay ng tinalakay na mga tula/awiting panudyo, tugmang de gulong, at palaisipan



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

- **Palaisipan**

  Ito ang mga tanong na kadalasang nakalilito sa mga tagapakinig. Sa una akala mo'y walang sagot o puno ng kalokohan ngunit kung susuriin, ang palaisipan ay nagpapatalas ng isip at kadalasang nagbibigay ng kasanayang lohikal sa mga nagtatangkang sumagot.

  Halimbawa:

  May isang prinsesang sa tore ay nakatira, balita sa kaharian, pambihirang ganda. Bawal tumingala upang siya'y makita. Ano ang gagawin ng binatang sumisinta?

  Sagot: Iinom ng tubig upang kunwa'y mapatingala at makita ang prinsesa.

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipatukoy sa mga mag-aaral ang salitang ugat ng sumusunod at ang panlaping ikinabit rito, pagkatapos ay pabigyan ng sariling kahulugan.

a. Palaisipan = salitang ugat ____________________ at panlapi ________________
   Kahulugan: ________________________________________________________

b. Awiting bayan = salitang ugat ________________ at panlapi ________________
   Kahulugan: ________________________________________________________

c. Bugtong = salitang ugat ____________________ at panlapi ________________
   Kahulugan: ________________________________________________________

d. Tugmang de gulong = salitang ugat ____________ at panlapi _______________
   Kahulugan: ________________________________________________________

e. Awiting panundo = salitang ugat _______________ at panlapi ______________
   Kahulugan: ________________________________________________________

Mula sa mga salitang hinimay-himay sa itaas pangkatin ang salita batay sa anyo nito kung ito ay:

| Tambalang Salita | Maylapi |
|---|---|
| | |

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**3. Kasanayang Panggramatika**

Talakayin ang tungkol sa Kasanayang Panggramatika.

**Ang Ponemang Suprasegmental**

Ang suprasegmental ay makabuluhang yunit ng tunog na karaniwang hindi tinutumbasan ng titik o letra sa pagsulat. Inihuhudyat o sinisimbolo ito ng mga notasyong ponemik upang matukoy ang paraan ng pagbigkas ng isang salita o isang pahayag.

Kabilang sa suprasegmental ay ang sumusunod:

a. Diin – ginagamitan ito ng simbolong dalawang magkahiwalay na *bar* (//) o tuldok (.) upang matukoy ang pantig ng isang salita na may diin na nangangahulugan ng pagpapahaba ng naturang pantig na may kasamang patinig.

Halimbawa: /ala.ga/

b. Tono – ito ay paraan ng pagbigkas na maaaring malambing, pagalit, marahan, o kaya'y waring laging aburido kundi man nasasabik.

Halimbawa: Ikaw pala! (nagulat)

c. Antala – nangangahulugang paghinto o pagtigil ng pagsasalita na maaaring panandalian (sa gitna ng pag-uusap) o pangmatagalan (katapusan ng pag-uusap). Ito ay sinisimbolo ng tuldok (.) at kuwit (,).

Halimbawa: Maria/ Rhodora Antonio/ ang tawag sa kanya./


Maria Rhodora/ Antonio ang tawag sa kanya.//

Itanong: May pagkakaiba ba sa kahulugan?

**4. Pagpapayaman**

**Katangian ng Awiting Panudyo/Palaisipan**


a. Ipahanay sa loob ng *Venn diagram* ang katangian ng awitin/tulang panudyo at tugmang de gulong. Iuulat ng mga mag-aaral sa klase ang pagkakatulad at pagkakaiba ng sumusunod.





Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

b. Ipahanay sa loob ng *Venn diagram* ang katangian ng palaisipan at bugtong. Iuulat ng mga mag-aaral sa klase ang pagkakatulad at pagkakaiba ng sumusunod.




c. Magpatala sa mga mag-aaral ng mga awiting/tulang panudyo na kadalasang ginagamit sa panunudyo sa mga bata. Ipasuri ang nilalaman ng mga ito. Ipatala ang kahulugan ng mga panudyo sa awit at tula. Itanong kung paano ito nakaaapekto sa kanilang kaasalan at pag-iisip kasabay ng pagsasagawa ng kilos para dito.

**5. Pagpapalawig**

***Video* ng mga Awiting Panudyo**

Mula sa mga naitalang awitin/tulang panudyo, magpagawa sa mga mag-aaral ng sariling bersiyon nito na ginagamitan ng angkop na tono, diin, at antala. Sasangkapan ito ng mga kilos at galaw na angkop para sa awit. Idodokumento at ilalagay ito sa YouTube upang mapanood ng madla. Ihahanda rin ito upang maibahagi sa klase. (Pangkatang Gawain)

**Pagsusuri ng *Video***

Ipasuri sa mga mag-aaral ang dokumentong inihanda ng bawat pangkat. Talakayin ito ng klase kaugnay ng mga katangiang taglay ng bawat akda at suriin din ang kaangkupan ng wastong tono at intonasyon sa pagbigkas ng mga ito upang maging mas kaaya-aya sa tagapakinig. Ipaliwanag kung gaano kahalaga ang suprasegmental na aspekto at ang mga di-berbal na aspekto sa paglalapat rito.

**C. Kongklusyon**

Magpagawa sa klase ng *mini* sarbey sa 20 bata na naglalaro sa kanilang lugar at itanong ang tanong na pangsarbey.

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

Tanong:

Gaano nakaapekto ang mga tulang panudyo, awiting panudyo, at tugmang de gulong sa mga batang gumagamit nito sa paglalaro?

Magpagawa ng *mini* sarbey sa 20 matatanda tungkol sa bisa ng palaisipan at bugtong sa talino o memorya ng mga nasa edad medya.

Tanong:

Gaano nakatutulong sa matatanda ang pagsagot sa palaisipan at bugtong upang mahasa ang kanilang talino at memorya?

- Papirmahan ang mga datos na nakuha para rito sa mga taong kinapanayam.

**Takdang Aralin**

Bumuo ng limang pangkat sa klase. Magsusulat ang pangkat ng ayon sa sumusunod:

Unang pangkat: awiting panudyo

Ikalawang pangkat: tulang panudyo

Ikatlong pangkat: tugmang de gulong

Ikaapat na pangkat: palaisipan

Ikalimang pangkat: bugtong

Ihandang ipresinta ito sa klase katulad ng segment ni Marc Logan sa TV Patrol.

**Rubrik sa Pagmamarka (Maaaring baguhin)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Nilalaman | – | 40% |
| 2. | Paraan ng Presentasyon | – | 10% |
| 3. | Kasiningan | – | 30% |
| 4. | Orihinalidad (Walang hawig sa kaklase) | – | 5% |
| 5. | Wastong Tono, Intonasyon, at Pagbigkas | – | 15% |
| | **Kabuuan** | | **= 100%** |



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

# Ikatlong Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan 2

## Panitikang Luzon: Larawan ng Pagkakakilanlan

**Aralin 2: Mito**
**Alamat**
**Kuwentong-bayan**

**A. Panimula**

Sabihin sa mga mag-aaral na umisip ng isang napakalaking tanong na mula noong sila ay bata pa ay gustong-gusto na nilang hanapan ng sagot.

**?**

Halimbawa: Saan nagmumula ang mga panaginip?

(Isasagawa ito ng katulad ng ginagawa ni Ernie Baron o Kim Atienza sa *Matanglawin/Knowledge Power.*)

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Tatalakayin ang bahagi ng kasanayang pampanitikan sa klase.

**Mga Matatandang Anyo ng Panitikan**

Ang **kuwentong-bayan** o ***folklore*** ay mga salaysay hinggil sa mga likhang-isip na mga tauhan na kumakatawan sa mga uri ng mamamayan, katulad ng matandang hari, isang marunong na lalaki, o kaya sa isang hangal na babae. Karaniwang kaugnay ang kuwentong-bayan ng isang tiyak na pook o rehiyon ng isang bansa o lupain. Kaugnay nito ang alamat at mga mito.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mga mag-aaral ay nagpapamalas ng pagsusuri ng katangian at elemento ng mito/alamat/kuwentong-bayan.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisusulat ang buod ng mito/alamat/kuwentong-bayan nang may maayos na pagkakaugnay ng mga pangyayari

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Natutukoy ang magkakasunod at magkakaugnay na mga pangyayri sa tekstong napakinggan
2. Napaghahambing ang mga katangian ng mito/alamat/kuwentong-bayan batay sa paksa, tauhan, tagpuan, kaisipan, at aspetong pangkultura
3. Naipaliliwanag ang tema at iba pang elemento ng mito/alamat/kuwentong-bayan batay sa napanood na mga halimbawa

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

Ang **mitolohiya** ay isang kuwentong nagpasalin-salin na sa dila mula sa katutubo hanggang sa kasalukuyan, masasabing halos ipinakikita rin nito ang tradisyon ng isang lahi. Karaniwang tinatalakay ng mga kuwentong mito ang mga diyos at nagbibigay ng mga paliwanag hinggil sa mga likas na kaganapan. Halimbawa na ang kung paano nagkaroon ng hangin o mga karagatan. May kaugnayan ang mitolohiya sa alamat at kuwentong-bayan ayon sa mga mananaliksik. Ilan sa mga sikat na tauhan sa mitolohiya ng mga Griyego ay ang mga diyos na sina Zeus, Aphrodite, Athena, at iba pa.

Ang **alamat** ay isang uri ng panitikan na nagkukuwento tungkol sa mga pinagmulan ng mga bagay-bagay sa daigdig. Karaniwang nagsasalaysay ang mga ito ng mga pangyayari hinggil sa tunay na mga tao at pook, at mayroong pinagbatayan sa kasaysayan. Kaugnay ang alamat ng mga mito at kuwentong-bayan. Ang salitang alamat ay panumbas sa salitang *legend* ng ingles.

**Unang Pagbasa** (Pangkatan)

Ipabasa ang kuwentong-bayan sa klase katulad ng dulang pangradyo.

**Si Malakas at si Maganda (Kuwentong-bayan)**

Bago nagsimula ang panahon, ang daigdig ay isang malaking kawalan. Ang tahanan ng Diyos ay di-masukat na kalawakan. Naging malungkutin ang Diyos sapagkat wala Siyang makita at walang marinig.

Ang araw ay sumisikat, maliwanag na parang ginto at ang langit ay napapalamutihan ng mapuputing ulap. Sa malayo ay nakasilip ang buwang kabilugan samantalang kukuti-kutitap ang libong mga bituin.

Iniangat ng Diyos ang Kanyang kanang kamay at ito'y itinuturong pababa. Sa isang iglap ay nalalang ang mundo. Ang mga luntiang kakahuyan ay sumibol, pati ang damo. Namukadkad at humalimuyak ang mga bulaklak.

Ang mga dagat ay umalon at ang mga ilog ay umagos. Nagliparan ang mga ibon sa himpapawid at nag-aawitan.

4. Naisasalaysay nang maayos at magkakaugnay ang mga pangyayari sa nabasa at napanood na mito/alamat/kuwentong-bayan sa pamamagitan ng paggamit nang wasto at angkop na mga pahayag sa panimula, gitna, at wakas.

**Sanggunian:**


Cuasay, Pablo M. (1991). *Mga 55 Piling Alamat ng Pilipinas*. Mandaluyong City: National Book Store.

Kabisig.com. Phillippines. (2014) (Huling nakita Mayo 3, 2014) Children's Communication Center, 1980





Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

Nayari ng Diyos ang sanlibutan. Ito ay isang gintuan at mahiwagang paraiso.

Isang araw, ang hari ng mga ibon ay lumipad at ginalugad ang papawirin. Pagkatapos ay ikinampay ang matipunong mga pakpak at napaimbulog na pababa sa kakahuyan.

Mula sa malayo, kanyang natanaw ang mataas na kawayang yumuyukod sa mahinhing paspas ng hangin.

Kanyang binilisan ang paglipad at napaimbulog na pababa. Siya'y dumapo sa naturang kawayan upang magpahinga.

Tok! Tok! Tok!

Nadama niya ang maririig na katok na nagmumula sa loob ng kawayan. May tinig siyang narinig!

"Palayain mo ako, oh, makapangyarihang hari ng mga ibon!" ang hinaing. Tuktukin ng iyong tuka ang kawayang kinapapalooban ko. Hindi ako makahinga. Para itong karsel!"

"Baka ito'y patibong !" ang isip ng ibon. Kinamayamaya'y may butiking gumapang na paitaas sa kawayan. Ang ibong palibhasa'y gutom, ito'y tinuka ngunit hindi nahuli.

Buong lakas na tinuktok uli ng ibon ang kawayan.

Crack!

Nabiyak ang kawayan. Isang makisig na lalaki ang lumabas.

**Ikalawang Pagbasa** (Ipabasa sa isang mag-aaral ang alamat at ang paraan ng pagbabasa ay tulad ng pagkukuwento ni Lola Basyang.)

**Alamat ng Paruparo (Alamat)**

Noong unang panahon, may magkapatid na ulila na naninirahan sa isang ilang na baryo sa Laguna. Ito ay sina Amparo na ang palayaw ay Paro, samantalang ang nakababata naman ay si Perla na pawang sumisibol na dalagita. Pagtitinda ng bulakalak ang kanilang ikinabubuhay. Magkaiba ang ugali nila, si Amparo ay tamad at walang kinagigiliwang gawin kundi ang lumapit sa mga bulaklak at amuyin ito. Samantalang si Perla naman ay masipag at masinop sa kabuhayan.

Likas na mabait si Perla, pasensiya na lamang ang kaniyang binibigay sa kapatid na si Amparo na ubod ng tamad.

Ngunit isang araw ay naubos na ang pasensiya ni Perla at nagalit kay Amparo na laging nagrereklamo sa kanilang ulam. Galit din sumagot si Amparo, "Anong gusto mo, alilain ako at busabusin? Ako ang masusunod dahil ako ang nakatatanda," sabay nanaog at pumitas ng halaman sa hardin at nagtuloy sa ilog upang pagmasdan ang bulaklak sa kanyang buhok. Pagdukwang niya ay tuloy-tuloy siyang nahulog sa ilog. Sa pag-aalala sa kapatid ay sumunod si Perla at kitang-kita niya nang mahulog si Amparo sa ilog. Sumigaw nang malakas si Perla "Paro! Paro!," marami ang nakarinig at tinulungan siya ngunit walang Amparo silang nakita.

Habang balisang nagmamasid ang mga tao sa ilog, ay may isang bulaklak ang lumutang sa kinahulugan ni Amparo at unti-unti itong gumalaw, dahan-dahang nawala ang hugis bulaklak nito at unti-unting umusbong ang pakpak na may iba't

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

ibang kulay. Walang ano-ano ay lumipad at nakita ni Perla na pumunta ito sa halamanan at nagpalipat-lipat sa mga bulaklak. Kinutuban si Perla at nasambit niya ang katagang "Paro! Paro…!"

Simula noon, ang maganda at makulay na munting nilikha ay tinawag ng mga tao na paruparo.

**Ikatlong Pagbasa** (Paraan ng pagbabasa ay *Jigsaw Reading*)

Tatawag ng mag-aaral para sa panimulang magbabasa.

**Ang Hukuman ni Sinukuan: Bakit Naparusahan ang Lamok? (Mitolohiya)**

Noong araw, si Mariang Sinukuan ang reyna sa bundok ng Arayat. Iginagalang siya ng mga tao sa paligid ng bundok. At dahil isang diwata, iginagalang din siya ng mga hayop. Sinasabi na may hukuman si Maria sa bundok ng Arayat at dito nililitis ang kaso ng mga hayop.

Isang araw, umiiyak na dumating si Martines sa hukuman ni Mariang Sinukuan. Dali-dali niyang ipinakita kay Maria ang kanyang dala-dalang mga basag na itlog. "Bakit? Ano ang nangyari at nabasag ang iyong itlog?" tanong ni Maria. "Kasi po, kagabi, dumamba nang dumamba si Kabayo at natapakan ang aking pugad," sumbong ni Martines habang umiiyak.

Ipinatawag ni Maria si Kabayo. "Bakit ka dumamba ng dumamba kagabi kaya nabasag ang mga itlog ni Martines?" tanong ni Maria sa Kabayo pagdating. "Kasi po, nagulat ako sa biglang pagkokak ni Palaka," paliwanag ni Kabayo.

Ipinatawag ni Maria si Palaka. "Bakit ka biglang kumokak kagabi kaya dumamba nang dumamba si Kabayo kaya nabasag ang mga itlog ni Martines?" tanong ni Maria kay Palaka pagdating. "Kasi po, humihingi lang ako ng saklolo dahil dala ni Pagong ang kanyang bahay at natakot akong mabagsakan," paliwanag ni Palaka.

Ipinatawag ni Maria si Pagong. "Bakit dala mo ang bahay mo kagabi kaya natakot at kumokak si Palaka kaya dumamba nang dumamba si Kabayo kaya nabasag ang mga itlog ni Martines?" tanong ni Maria kay Pagong pagdating. "Kasi po, may dalang apoy si Alitaptap at natatakot akong masunog ang aking bahay," paliwanag ni Pagong.

Ipinatawag ni Maria si Alitaptap. "Bakit may dala kang apoy kagabi kaya nagbuhat ng bahay si Pagong kaya natakot at kumokak si Palaka kaya dumamba nang dumamba si Kabayo kaya nabasag ang mga itlog ni Martines?" tanong ni Maria kay Alitaptap pagdating. "Kasi po, natatakot akong masaksak ni Lamok. May dala siyang gulok araw-gabi at apoy lamang ang panlaban ko sa gulok," paliwanag ni Alitaptap.

Ipinatawag ni Maria si Lamok. "Bakit may dala kang gulok araw-gabi kaya nagdala ng apoy si Alitaptap kaya nagbuhat ng bahay si Pagong kaya natakot at kumokak si Palaka kaya dumamba nang dumamba si Kabayo kaya nabasag ang mga itlog ni Martines?" tanong ni Maria kay Lamok pagdating. "Kasi po, hinahanap ko si Talangka," paliwanag ni Lamok.

"Bakit naman galit ka kay Talangka?" tanong uli ni Maria kay Lamok. "Kasi po, sinipit niya ako nang minsang magdaan ako sa kanyang bahay. Mabuti at daplis lang ang sipit niya. Wala akong gulok na dala noon. Nang bumalik ako ay nagtago siya at hindi malaman kung saan nagpunta. Pero maski saan siya magsuot, hahanapin ko siya," galit na galit na paliwanag ni Lamok.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Dahil sa laki ng galit ni lamok, wala sa loob na iwinasiwas niya ang dala-dalang gulok. Tinamaan si Palaka at kumokak ng malakas. Nagulat si Kabayo at dumamba nang dumamba. Nagkanya-kanyang takbo sina Martines, Alitaptap, Pagong at iba pang mga saksi. Nagulo ang buong hukuman ni Maria.

Dito nagalit si Maria at ipinasiyang parusahan si Lamok. "Masyado kang marahas, Lamok," sabi niya. "Kung nagkasala si Talangka sa iyo, dapat na isinumbong mo siya dito at bahala akong magparusa sa kanya. May batas tayo at hukuman para sa pagkakasala. Pero dahil naging marahas ka, nagulo pati ang iyong mga kapitbahay. Pati ang hukumang ito ay nagulo sa iyong kawalan ng pagtitimpi."

Pinarusahan ni Maria si Lamok na mabilanggo sa loob ng tatlong araw. Ipinagbawal din niya ang pagdadala ng gulok sa paglilibot ni Lamok. Pinagbayad din niya si Lamok sa mga nabasag na itlog ni Martines at pinayuhan si Martines na huwag nang gagawa ng pugad sa lupa.

Natakot si Lamok na maparusahan uli kaya nang makalaya ay hinding-hindi na nagdala ng gulok. Pero patuloy pa rin siya sa kanyang paghahanap sa kalabang Talangka. Si Talangka naman ay lagi nang nasa butas at nagtatago kay Lamok. Kaya ngayon, pag may aali-aligid at bubulong-bulong na kulisap sa iyong tenga, si Lamok iyon. At akala ay butas ni Talangka ang butas ng iyong tenga.

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

**Si Malakas at si Maganda**

Ipalista sa mga mag-aaral ang mga katangian ng tao at mga bagay na:

| Malakas | Maganda |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

**Alamat ng Paruparo**

Ipagamit sa mga mag-aaral ang mga parirala sa mga pangungusap na makikita sa ibaba. Gamitin ang teksto upang makakuha ng *context clue*.


1. Magkapatid na ulila
2. Sumisibol na dalagita
3. Balisang nagmamasid
4. Pagdukwang sa ilog

**Ang Hukuman ni Sinukuan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang tanong na:

Bakit naparusahan ang lamok?

Tanungin kung ano ang kaugnayan ng pares na salita sa isa't isa.




3. **Kasanayang Panggramatika**


Talakayin ang parte ng Kasanayang Panggramatika sa klase.

Sa pagsulat ng isang talata na may panimula, gitna, at wakas ay kinakailangang magtaglay ng mga angkop na pahayag upang ito ay masimulan. Kadalasan ang mga ginagamit na salitang pangtransisyon sa bawat bahagi ay mga pangatnig tulad ng noon, ngunit, subalit, samakatuwid, puwede ring gumamit ng bilang upang maipakita ang pagkakasunod-sunod ng talata, halimbawa ay una at ikalawa, at sa huli. Ito ang karaniwang ginagamit upang maging maayos ang pagsasalaysay ng isang kuwento.

Kadalasan ang panimulang talata ay nagsisilbing daan ng pagsasalaysay ng paksa ng akda, sinusundan ito ng pang-ugnay na talata patungo sa gitnang tala at kaagad-agad na sinusundan ng pangwakas na talata.

4. **Pagpapayaman**

Ipahanay sa mga mag-aaral sa loob ng dayagram ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tatlong kuwentong napakinggan.






Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

5. **Pagpapalawig**

Sabihin sa mga mag-aaral na paghambingin ang tatlong kuwento batay sa mga elemento nito.

| | Kuwentong-bayan | Alamat | Milo |
|---|---|---|---|
| Elemento | | | |
| Paksa | | | |
| Tauhan | | | |
| Tagpuan | | | |
| Kaisipan | | | |
| Kultura | | | |

## C. Kongklusyon

Magpahanap ng *video* na *animated* sa YouTube na kakikitaan ng alamat, kuwentong-bayan, at mito sa Filipino. Ipapanood ito sa klase at hayaang suriin ito batay sa elemento ng kuwento at isalaysay nang pasalita ang kuwento sa harap ng klase. (Pangkatang Gawain)

**Takdang Aralin**

Isulat ang buod ng kuwentong-bayan, alamat, at mitolohiyang tinalakay sa klase.

**Rubrik sa Pagmamarka (Maaaring baguhin)**

1. Kaayusan – 40%
2. Angkop na Salitang Ginamit – 10%
3. Nilalaman – 30%
4. Mekaniks – 20%

**Kabuuan = 100%**

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

# Ikatlong Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan 3

## Panitikang Luzon: Larawan ng Pagkakakilanlan

**Aralin 3: Sanaysay**

**A. Panimula**




Ipakita ang *poster* na ito at sabihin sa klase na tingnan ang *poster*. Ipasusuri sa mag-aaral ang mga larawan na nakalimbag rito at ipasagot ang sumusunod na mga tanong?

Para saan ang *poster* na ito?

Ano ang ibig sabihin ng OPLAN WIFI 2035?

**B. KATAWAN**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Talakayin ang kasanayang pampanitikan sa klase.

Ang **sanaysay** ay isang maikling komposisyon na kalimitang naglalaman ng personal na opinyon ng may-akda.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mga mag-aaral ay nagpapamalas ng paghihinuha ng kaalaman at motibo/pakay ng nagsasalita batay sa napakinggang sanaysay.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisusulat ang isang talatang naghihinuha ng ilang pangyayari sa teksto

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naibubuod ang tekstong binasa sa tulong ng pangunahin at mga pantulong na kaisipan
2. Nasusuri ang elemento at sosyo-historikal na konteksto ng napanood na dulang pantelebisyon
3. Naibabahagi ang ilang piling dayalogo ng tauhan na hindi tuwirang ibinibigay ang kahulugan
4. Nasusuri ang mga pahayag na ginagamit sa paghihinuha ng pangyayari


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

May dalawang anyo ng sanaysay ang pormal at di pormal.

Ang sanaysay ay nagbibigay impormasyon pamamagitan ng pagtatalakay sa mga paksang karaniwan, pang-araw-araw, at personal. Idinidiin nito dito ang mga bagay-bagay, mga karanasan, at mga isyung bukod sa kababakasan ng katanungan ng isang tao at personalidad ng may-akda. Subhektibo ito sapagkat pumapanig sa damdamin at paniniwala ng may-akda ang pananaw.

**Unang Pagbasa**

Ipabasa sa mag-aaral ang teksto. (Indibiduwal – Tahimik na Pagbasa)

**Bakit Ako Magsusulat sa Wikang Filipino?**
ni W. M. Reyes

Paano sisimulan ang pagsagot sa tanong na ito? Tila mas madali ang magsulat na lamang ng ibang paksa sa sariling wika kaysa ipaliwanag kung bakit kailangang gamitin ito. Kung tutuusin, hindi naman tinatanong (o ipinapaliwanag) ng Inglatera o ng Estados Unidos kung bakit sila nagsusulat sa Ingles. Gayundin ang iba pang bayan gaya ng Espanya, Pransya, Tsina, at Hapon kung nagsusulat sila sa kanilang wika. At nakakatuwang isipin, kailangan pa nating ipaliwanag sa ating mga kababayan at kumbinsihin sila 'kung bakit magsusulat sa wikang Filipino?' gaya ng ginagawa kong ito.

Ang layunin ay mabigyan ng karampatang pagpapaliwanag kung bakit mahalaga ang paggamit at paglingap sa ating sariling wika. Sa pagsagot sa tanong na ito wala akong intensiyon na sikilin ang ibang wika kapalit ng paggamit ng wikang Filipino. Hindi ko pipigilan ang isang tao sa kanyang kalayaang gamitin ang wikang kanyang napupusuan. Wala rin problema sa pag-aaral sa mga banyagang wika. Kailangan lamang malinaw ang dahilan ng pag-aaral ng wika. Ang mahalaga ay huwag talikuran ang wikang atin kapalit ng wika ng iba. Ayon kay Rizal "nasa wika ang pag-iisip ng bayan" at dapat "linangin ang sa inyo at palaganapin, pangalagaan ang sariling pag-iisip ng bayan…"

**Sanggunian:**

Reyes, Wensley. Bakit ako magsusulat sa Filipino? (mula sa kanyang *blog*)

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

Ang hikayat ko ay para sa mga taong makakaunawa sa aking sasabihin. Sa mga taong makakasumpong ng kaliwanagan sa aking mga salita.

Maghahain ako ng tatlong dahilan bilang tugon sa tanong na "Bakit ako magsusulat sa wikang Filipino?"

1. KORPUS: Paglinang ng isang tradisyon

Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit ako magsusulat sa wikang Filipino. Nais kong makapag-ambag sa isang tradisyong makapagbibigay daloy sa pagsulong ng wikang Filipino. Sa aking obserbasyon, walang malaking korpus ng mga babasahin sa wikang Filipino kasi karamihan ay may humaling sa pagsusulat sa wikang banyaga. Ang epekto'y binansot ang tradisyon sa paglilimbag sa sariling wika kaya't limitado lamang ang mababasang publikasyon sa wikang Filipino. Kapansin-pansin ito sa pagpunta sa mga *bookstore* na halos iilang hanay lamang ang mga lathalain sa Filipino kumpara sa wikang Ingles.

Sa aking wari, nag-ugat ito sa kawalang direksiyon ng patakarang pangwika sa sistema ng edukasyon na tuwirang nakaapekto sa ating kabataan. Sa murang edad pa lamang ay hinuhulma na (o ginugulo) ang pag-iisip kung anong wika ang kailangan nilang matutuhan. May pagkiling sa Ingles dahil ito daw ang wika ng globalisasyon at naisasantabi ang sariling wika. Ang resulta — ang pagkalayo sa sariling kalinangan at pagkahumaling sa banyaga. Seselyuhan ito kapag dating ng mga estudyante sa mas mataas na lebel ng pag-aaral ng paniniwalang mas mahusay ang isang tao kung nakababasa, nakasusulat at nakapagsasalita siya sa wikang Ingles ng may punto o *accent* gaya ng mga banyaga.

Bagaman may mga nagpasimula na sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino at sa tradisyong paggamit at pagsusulat nito, sa hanay ng mga edukadong Pilipino nanatiling limitado ang tagapagtaguyod ng wika lalo na't sa larangan ng pagsusulat (kumpara sa mga nagsusulat sa wikang Ingles). Binigyang paliwanag ni Dr. Zeus Salazar ang isyu ng tradisyon at punto de bista sa kanyang paunang mensahe sa isang aklat na inilimbag sa ibang bansa at nakasulat sa wikang Filipino. Ayon sa kanya:

Isa sa mga kalunos-lunos na epekto ng ating hindi pa rin nagbabagong sistema ng edukasyon ang pagpupumilit ng karamihan sa mga "may pinag-aralang Pilipino" na magsulat sa Ingles kahit ito'y para sa mga Pilipino mismo. Ito ang pinakamadaling gawin para sa kanila. Bakit pa nga naman magpapakahirap na gumawa ng mga akdang pang-agham sa sariling wika, gayong mas madaling isulat ang alinmang natutuhan sa Ingles sa wika ring iyon. Kung ano ang ipinasok sa kanilang utak ay siya ring lalabas doon — kahit na ito'y nagdaan sa isang pang-unawa, dahil sa ang pang-unawa mismo'y hindi nakasalalay sa sarili't katutubong tradisyon.

Di tulad sa ibang bansa, ang pagpapakadalubhasa sa atin ay nangangahulugang unti-unting pagkakahiwalay ng nag-aaral sa sariling kalinangan at katutubong daigdig patungo sa ibang kalinangan at banyagang daigdig. Ang nagdadalubhasa'y natututo hindi lamang ng isang pandalubhasang wika kundi, kasabay nito, ng isang bagong wika at napapapasok sa ibang mundo. Kaya't ang dalubhasa at "edukadong" Pilipino'y napapahiwalay sa kanyang bayan nang dalawang beses. Ang una'y normal at kahawig sa nangyayari sa ibang bansa: ang dalubhasa'y natuto ng espesyal na wika ng kanyang agham o ispesyalisasyon. Ang pangalawa'y kahawig sa pagiging hiwalay at iba ng mga dalubhasa't "edukadong" Europeo



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

noong kalagitnaang panahon, nang ang wikang pang-edukasyon ay Latin, sa kani-kanilang mga bayan: ang "edukadong Pilipino" ay napapasama sa ibang kalinangan, nagiging bahagi ng ibang pagpapalitan ng damdamin, isip, at layon.

Ito ang dahilang estruktural kung bakit hindi tayo makabuo ng isang tradisyong intelektuwal at pang-agham. Ang akala ng mga "nakapag-aral" ay mayroon na tayo nito—iyon ngang napag-igiban nila ng anumang naangkin nilang kaalaman. Kaya kung makaaambag sa isang agham o makalilikha man sila sa isang sining mangyayari ito sa loob na ng tradisyong iyon, na kung saan sila ay nagdaan, nahulma at lumabas. Walang alinlanga't sa Ingles sila kakatha. Kahit na sa kasaysayan, na siyang agham-panlipunang napakaimportante sa pagbuo ng isang sariling pambansang kamalayan. Mula kay Agoncillo hanggang kay Zafra'y sa Ingles ang ating pagkakaalam sa pagiging isang bansa, sa nakaraan at tinutungo ng bayan.

Katunayan ay isang bahagi lamang tayo, sa kabuuan, ng istoryograpiyang Amerikano, katulad ng pagiging bahaging pang-*local color* ng literaturang Amerikano ng ating panitikan sa wikang Ingles (sa kanila ng pagtangka ni Nick Joaquin na iugnay ang ilang tema sa panahong Kastila). Sa gayo'y hindi nakapagtataka na sa Amerika pa nagdadalubhasa ang mga istoryador na Pilipino at halos kasindami ng mga Pilipino ang mga "ekspertong" Amerikano sa kasaysayang Pilipino.

Totoo't makabubuo rin (at nakabuo nga sa halimbawa ni Agoncillo), sa kabila ng pagkakagapos sa tradisyong Amerikano, ng isang punto-debistang Pilipino, subalit–gaya ng itinawag sa penomenong ito –"puntodebista" nga lang talaga at hindi sariling tradisyon!" (1)

Bagaman ito ang sistemang kinapapalooban ng karamihan, mahalagang bigyang-pansin din ang mulat na mga pagkilos buhat sa akademya at mga kaibigan ng wika sa paggamit nito. Patuloy itong sinusulong ng mga organisasyon gaya ng Komisyon sa Wikang Filipino, Filipinas Institute of Translation, Sentro ng Wikang Filipino, UP Departamento ng Filipino at iba pa. Nagsasagawa sila ng mga *seminar*, patimpalak, *workshop*, at mga kumperensya upang pag-ibayuhin ang paggamit sa wika. Hindi gaya ng mga gawaing pang-eskuwelahan, ang kanilang aktibidades ay hindi lamang nakakahon sa pagdiriwang ng 'Buwan ng Wika' tuwing Agosto ng bawat taon. Bagkus ang tunguhin ay gamitin ang wikang Filipino hindi lamang sa pang-araw-araw na gawain kundi iakyat din ang lebel ng paggamit nito tungo sa intelektuwalisasyon ng wika sa larangan ng akademya. Mababasa ang ganitong kalakas na paninindigan sa serye ng tanong at sagot sa *website* ng Sawikaan. Halaw dito ang mga sumusunod na tala:

"Walang dudang may mataas nang kakayahan ang Filipino para sa gamit na siyentipiko at teknikal. Napatunayan na ng mga saliksik at eksperimento na puwedeng-puwedeng gamitin ang Filipino sa anumang disiplina. Sa Unibersidad ng Pilipinas, bukod sa totohanang paggamit ng Filipino sa mga klase sa agham at matematika ay nakapaglathala na ng maraming teksbuk sa iba't ibang larangang akademiko…."

"Ang wikang Filipino ay may kakayahan ding maging imbakan ng karunungan. At bahagi ng ating ganap na intelektuwal na paglaya ang patuloy na pagpapaunlad at pagpapalaganap ng Filipino bilang tunay na wikang akademiko." (2)

b. Lakas ng Wika Natin – Ang Potensyal ng Wika sa Larangang Internasyonal at Pandaigdig

Ang ikalawang dahilan kung "bakit ako magsusulat sa wikang Filipino?" ay dahil ipinasumpong din ang potensyal ng wika sa larangang internasyonal. Hayaan ninyong ibahagi ko ang isang karanasan tungkol sa bagay na ito.

"Di ako makatulog. Mayroon akong iniisip. Isang pangarap. Isang layon. Maaari din isang misyon. Hangad ko na balang araw, makasulat ako ng aklat sa Wikang Filipino na ililimbag sa ibang bansa. Sa tingin ko panahon na para kilalanin ang Filipino bilang wikang internasyonal at wika ng mga intelektuwal. Ito'y isang maikling tala at wala pang detalye. Ni ang mga dahilan ay di ko lahat mababanggit. May puwersa lamang mula sa kalooban ko. Kung darating ang panahong bubuuin ko na ang aklat at kailangan ko ng inyong tulong at suporta… matutulungan n'yo kaya ako? Para sa Dakilang Bayang Pilipino. Salamat."

Isang magandang oyayi ni Landicho ang nagpapakita ng pagmamahal ng magulang sa pagpupunla ng pag-asa sa kinabukasan. Hango ito sa isang dulang kanyang isinulat, na kung saan umawit si Gregoria de Jesus ng oyayi sa anak nila ni Andres Bonifacio.

Tulog na, bunsong sinta
Ama mo'y nasa malayo
Nagpupunla ng pag-asa
Sa bayang diwa't puso.
Tulog na bunsong sinta
Buhay ng kinabukasan
Gigising ka, bunsong anak
Sa bukas na iyong-iyo.
Tulog na bunsong sinta
Tulog na bunsong sinta.(12)

Sa pagsulong ng panahon, ang wikang Filipino ang taling magbibigkis sa lahat ng nakakaunawa ng wikang ito saan man sa mundo. Isa itong instrumento ng integrasyon, ng talastasan, at ng pagkakaunawaan. Sa pagpapagal ng kasalukuyang henerasyon tungkol sa pagsulong ng wika, nawa, sa paggising ng ating mga bunso, makasumpong sila ng isang daigdig na maituturing niyang magandang pamana. Ang paggamit at ang pagsusulat nito ang ilan sa mga paraan upang lumawig, malinang, at magpatuloy sa paglago ng ating wika– ang wikang Filipino.

**Sanggunian**

Salazar, Zeus A. "Paunang Salita" ni Nilo S. Ocampo. 1985. Katutubo, Muslim, Kristyano: Palawan, 1621–1901. Kolonya, Alemanya: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan (BAKAS).

Almario, Virgilio. 2001. *UP Diksiyonaryong Filipino*. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas-Sentro ng Wikang Filipino.

Landicho, Domingo G. 2001. *Diskurso sa Pilipinismo: Pagsilang ng Inang Bayan*. Quezon City: UP Press.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Asuncion, Ruben Jeffrey A. "Pandaigdigan na ba ang Wikang Filipino?" The Varsitarian (Tomo LXXIX, Blg. 3, Setyembre 7, 2007) na-*access* sa http://www.varsitarian.net/filipino/pandaigdigan_na_ba_ang_wikang_filipino, May 25, 2010, 9:52 pm

http://randydavid.blogspot.com/2005/01/wika.html, May 29, 2010, 11:34pm

http://www.sawikaan.net/kartilya_ng_wikang_filipino.html, May 29, 2010, 7:57pm

http://www.hawaii.edu/filipino/intlconf2008/ May 25, 2010, 9:52 pm

http://www.filipinas.inquirer.net/?p=3247 May 25, 2010, 10:00 pm

http://www.chinchingutierrez.com.ph/uyayi4.php, May 29, 2010. 4:25pm

**Pangalawang Pagbasa**

Pebrero 17, 2010, 11:52 pm, UPCO, Laguna, Pilipinas

Ito ang aking tala sa Facebook account na pinamagatang "Pangarap na Aklat." Isang gabing iyon na pinagmumuni-munihan ko ang tungkol sa pagsulong ng wikang Filipino bilang wika ng daigdig. Lubhang ikinalugod ko ang mga tugon ng pagsuporta mula sa mga kaibigan, dating mga estudyante, at maging mga tinitingalang mga tao sa akademya. Isang komento ang umagaw ng aking atensyon dahil hindi ko inaakala na mapapansin ang aking tala. Ito ang komento ni Dr. Zeus Salazar:

"Ok ka, pare ko. Yung libro ni Nilo Ocampo (Palawan) at ni Jimmy Veneracion (Kasaysayan ng Bulakan) inilathala sa Kolonya (Alemanya) noong dekada '80. Kung magsusulat lang ang lahat ng Pinoy sa ibayong dagat sa sariling wika at ilalathala nila kung saan man sila nakatirik, mas dadami pa ang mga librong Pilipino abroad…"

At tila isang batingaw ang linyang ito: "Kung magsusulat lang ang lahat ng Pinoy sa ibayong dagat sa sariling wika at ilalathala nila kung saan man sila nakatirik, mas dadami pa ang mga librong Pilipino abroad."

Oo nga naman. Sa dami ng Pilipino sa buong mundo. Sa katunayan, sa bawat bansa ay may Pilipino…at kung sabay-sabay silang maglalathala ng mga sulatin sa wikang Filipino, katotohanang mas lalawak pa ang saklaw nito at magiging 'wika ng talastasan ang wika natin'. Ngunit bakit walang ganitong 'kilusan' o pagpupunyagi sa wika? Dahil nga ito sa ating nabanggit na sa unang bahagi na may kaugnayan sa tradisyon ng pagsusulat sa Filipino.

Patuloy akong nanaliksik tungkol sa pagsusulong ng wika sa labas ng bansa nang maibahagi ng isang kaibigan ang artikulong may pamagat na "Pandaigdigan na ba ang Wikang Filipino?" Hango sa panayam na ito binigyang halimbawa ng isang propesor na maaaring isang wikang global na ang Filipino sa lebel ng paggamit ng wika sa pakikipag-usap.

"Nagbigay naman siya (Dr. Florentino Hornedo) ng apat na halimbawang nagpapatunay na maaaring isa nang wikang global ang Filipino. Ang mga ito ay: a.) kapag nakipag-usap ang isang Pilipino sa isang dayuhan gamit ang Filipino dito sa bansa; b.) kapag nakipag-usap ang isang Pilipino sa isang dayuhan gamit ang Filipino, sa ibang bansa; c.) ang pakikipag-usap ng isang banyaga sa kapwa banyaga gamit ang Filipino dito sa Pilipinas; at d.) ang paggamit ng banyaga ng Filipino upang makipag-usap sa kapwa banyaga sa ibang bansa." (3)

Nakikita na natin ang potensyal ng wika kasabay ng pagsasagawa ng mga gawain at pagtataguyod ng mga kilusan upang isulong ang mga gawaing pangwika sa loob at labas ng Pilipinas. Nabanggit na sa unahang bahagi ang mga pagkilos sa loob ng bansa. Sa labas naman ng bansa ilang gawain na rin ang naisagawa sa tunguhin ng pagpapalakas ng wika. Nagkaroon ng 1st International Conference on Filipino as Global Language: Future Directions and Prospects sa University of Hawa'ii at Manoa noong Marso 17–19, 2008.(4) Sinundan ito ng The Second International Conference on Filipino as a Global Language sa Hilton San Diego, Mission Valley, San Diego California noong Enero 15–18, 2010. (5)

Isa sa layunin ng mga kumperensyang ito ang maging pook ng pagpapalitan ng ideya tungkol sa wikang Filipino. Mahalagang nagkakaroon ng mga ganitong talastasan ang mga guro, mananaliksik, administrador, manunulat, entreprenyur, opisyal ng gobyerno, pulitiko, mag-aaral, at mga may hilig at interes sa wikang Filipino upang mapalalim ang pag-unawa at maisulong ang wika.

Bukod sa pagsusulat gamit ang wikang Filipino, sa larangang internasyonal, nagkakaroon na rin ng pagkagusto sa mga awiting may lahok na mga salitang Filipino. Pinatunayan na ito ng grupong The Black Eyed Peas. Sa grupong ito, si Apl.de.Ap (Alan Pineda Lindo) ang nagsasama ng mga awiting may salitang Filipino. At napakalakas ng apela nito para sa komunidad na nakakaunawa ng wika. Ilan sa mga awiting humakot ng malaking suporta at paghanga ang The Apl Song (2003), Bebot (2005) at Mare (2009). Kung papalitan lamang ang ilang salita sa isinulat ni Dr. Salazar at ilalapat sa larangan ng musika. "Kung aawit lang ang lahat ng Pinoy sa ibayong dagat sa sariling wika at ire-record nila kung saan man sila nakatirik, mas dadami pa ang mga awiting Pilipino abroad. Malaking tulong ang kulturang popular upang mahatak ang mga tao sa pagsasalita, pag-aaral, at 'di kalaunan, pagsusulat sa wikang Filipino.

Bunga na rin ng pagkalat ng mga Pilipino sa buong mundo (dahil sa trabaho o migrasyon), hindi na rin maitatanggi na ang wika ang isa sa mga mahalagang salik ng nakapagbubuklod sa mga Pilipino saan man sa mundo. Ang wika din ay mabilis na napapakalat at napapalago.

Hango sa isang artikulo ng "The Varsitarian"

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Tanungin ang mga mag-aaral kung paano bibigyan ng paliwanag sa pamamagitan ng tatlong pangugusap ang salitang HINUHA.

a. ____________________

b. ____________________

c. ____________________

**3. Kasanayang Panggramatika**

Talakayin ang bahaging ito ng Kasanayang Panggramatika sa klase.

PAGHIHINUHA – Ito ay kadalasang ginagawa ng isang matalinong mambabasa upang mabatid ang kahihinatnan ng mga sitwasyon sa isang akda. Kadalasang hinuhulaan ng mambabasa ang nais iparating ng manunulat sa kanya upang lubos na makita ang esensya ng isang akda.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

4. **Pagpapayaman**

Ipasagot sa klase ang sumusunod na mga tanong:

a. Bakit magsusulat ang may-akda sa wikang Filipino? Isa-isahin ang kanyang mga dahilan.

b. Ano ang naging inspirasyon niya upang magsulat?

c. Ipaliwanag ang sinabi ni Rizal na "nasa wika ang pag-iisip ng bayan" at dapat "linangin ang sa inyo at palaganapin, pangalagaan ang sariling pag-iisip ng bayan…"

d. Kung may makababasa ng sanaysay na ito, ano kaya ang magiging dating ng sanaysay sa kanya?

e. Ipaliwanag ang oyaying isinama ng may-akda sa sanaysay at iugnay ito sa wikang Filipino.

5. **Pagpapalawig**

Magpanood ng isang *episode* ng isang teleserye sa telebisyon (kahit anong istasyon). Magpasulat ng dayalogo ng pangunahing tauhan at hulaan ang magiging kahihinatnan ng mga pangyayari sa teleserye. Kinabukasan tingnan kung tama ang hula ng mga mag-aaral sa pangyayari sa mga susunod na *episode*.

**C. Kongklusyon**

Magpabuod ng sanaysay na binasa sa pamamagitan ng mga pangunahin at pantulong na kaisipan. (Gumamit lamang ng 10 pangungusap para dito.)

**Takdang Aralin**

Humalaw ng limang bahagi ng teksto (talata/pangungusap) na maaaring kapalooban ng mga hinuhang maaaring mangyari sa Wikang Pambansa. Suriin ang implikasyon ng mga pahayag na ito sa kasalukuyang sitwasyon ng wika. Gawin ito sa paraan ng pagbabalita ng ulat-panahon.

**Rubrik sa Pagmamarka (Maaaring baguhin)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Sining at Kaayusan | – | 40% |
| 2. | Angkop na Salitang Ginamit | – | 10% |
| 3. | Nilalaman | – | 30% |
| 4. | Mekaniks | – | 20% |
| | **Kabuuan** | **=** | **100%** |

# Ikatlong Markahan Baitang 7
# Supplemental Lesson Plan

## Panitikang Luzon: Larawan ng Pagkakakilanlan

### Aralin 4: Maikling Kuwento

**A. Panimula**

Sabihin sa klase kung paano nila ilalarawan ang kanilang paboritong guro.

(Kung may larawan dalhin at ipakita sa klase)

**B. Katawan**

Talakayin ang bahagi ng Kasanayang pampanitikan.

**1. Kasanayang Pampanitikan**


Maikling Kuwento – ay isang maikling salaysay hinggil sa isang mahalagang pangyayaring kinasasangkutan ng isa o ilang tauhan at may iisang kakintalan o impresyon lamang.

Ang mga elemento ng maikling kuwento ay ang sumusunod:

a. Tauhan na nagtataglay ng suliranin – ang karakter na kung saan ang magsisilbing-daan upang magkaroon ng kuwenta ang kuwento

b. Tagpuan – ang lugar na pinangyayarihan ng kuwento

c. Banghay – ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento




**Pamantayang Pangnilalaman:**

Ang mga mag-aaral ay nagpapamalas ng paghahambing ng mga katangian ng mga tauhan sa napakinggang maikling kuwento.

**Pamantayang Pagganap:**

Nagagamit sa pagbabalita ang kasanayan sa paggamit ng makabagong teknolohiya gaya ng kompyuter at iba pa

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nahihinuha ang kahihinatnan ng mga pangyayari sa kuwento
2. Nabibigyang kahulugan ang mga salita batay sa konteksto ng pangungusap
3. Naiaangkop sa sariling katauhan ang kilos, damdamin, at saloobin ng tauhan sa napanood na dula gamit ang *mimicry*
4. Naisasagawa ang *mimicry* ng tauhang pinili sa nabasa o napanood na dula


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

d. Kakintalan – mensahe/aral na makukuha sa kuwento

**Unang Pagbasa** (Pangkatan - *Reader's Theater*)

Magpabasa ng isang kuwento sa pamamagitan ng *Reader's Theater.*

**Ang Kuwento ni Mabuti**

ni Genoveva Edroza-Matute

Hindi ko siya nakikita ngayon. Ngunit sinasabi nilang naroroon pa siya sa dating pinagtuturuan, sa walang pintang paaralang una kong kinakitaan sa kanya. Sa isa sa mga lumang silid sa ikalawang palapag, sa itaas ng lumang hagdang umiingit sa bawat hakbang, doon sa kung manunungaw ay matatanaw ang maitim na tubig ng isang estero. Naroon pa siya't nagtuturo ng mga kaalamang pang-aklat, at bumubuhay ng isang uri ng karunungan sa kanya ko lamang natutuhan.

Lagi ko siyang inuugnay sa kariktan ng buhay. Saan man sa kagandahan; sa tanawin, sa isang isipan o sa isang tunog kaya, nakikita ko siya at ako'y lumiligaya. Ngunit walang anumang maganda sa kanyang anyo… at sa kanyang buhay…

Siya ay isa sa mga pangkaraniwang guro noon. Walang sinumang nag-ukol sa kanya ng pansin. Mula sa kanyang pananamit hanggang sa paraan ng pagdadala niya ng mga panunugutan sa paaralan, walang masasabing anumang pangkaraniwan sa kanya.

Siya'y tinatawag naming lahat na si Mabuti kung siya'y nakatalikod. Ang salitang iyon ang simula ng halos lahat ng kanyang pagsasalita. Iyon ang pumalit sa mga salitang hindi niya maalala kung minsan, at nagiging pamuno sa mga sandaling pag-aalanganin. Sa isang paraang malirip, iyon ay naging salamin ng uri ng paniniwala sa buhay.

"Mabuti," ang sasabihin niya, "… ngayo'y magsisimula tayo sa araling ito. Mabuti nama't umabot tayo sa bahaging ito… Mabuti… Mabuti!"

Hindi ako kailanman magtatapat sa kanya ng anuman kung di lamang nahuli niya akong minsang lumuluha; nang hapong iyo'y iniluha ng bata kong puso ang pambata ring suliranin.

5. Naisusulat ang buod ng piniling tagpo gamit ang kompyuter
6. Nagagamit ang wastong mga panandang anaposri at kataporik ng pangngalan

REX iNTERACTIVE The online educational portal for teachers, students, and parents

Noo'y magtatakipsilim na at maliban sa pabugsu-bugsong hiyawan ng mga nagsisipanood sa pagsasanay ng mga manlalaro ng paaralan, ang buong paligid ay tahimik na. Sa isang tagong sulok ng silid-aklatan, pinilit kong lutasin ang aking suliranin sa pagluha. Doon niya ako natagpuan.

"Mabuti't may tao pala rito," wika niyang ikinukubli ang pag-aagam-agam sa narinig. "Tila may suliranin… mabuti sana kung makatutulong ako."

Ibig kong tumakas sa kanya at huwag nang bumalik pa kailanman. Sa bata kong isipan ay ibinilang kong kahihiyan ay kababaan ang pagkikita pa naming muli sa hinaharap, pagkikitang magbabalik sa gunita ng hapong iyon. Ngunit, hindi ako makakilos sa sinabi niya pagkatapos. Napatda ako na napaupong bigla sa katapat na luklukan.

"Hindi ko alam na may tao rito… naparito ako upang umiyak din."

Hindi ako nakapangusap sa katapatang naulinig ko sa kanyang tinig. Nakababa ang kanyang paningin sa aking kandungan. Maya-maya pa'y nakita ko ang bahagyang ngiti sa kanyang labi.

Tinanganan niya ang aking mga kamay at narinig ko na lamang ang tinig sa pagtatapat sa suliraning sa palagay ko noo'y siya nang pinakamabigat.Nakinig siya sa akin, at ngayon, sa paglingon ko sa pangyayaring iyo'y nagtataka ako kung paanong napigil niya ang paghalakhak sa gayong kamusmos na bagay. Ngunit, siya'y nakinig nang buong pagkaunawa, at alam ko na ang pagmamalasakit niya'y tunay na matapat.

Lumabas kaming magkasabay sa paaralan. Ang panukalang naghihiwalay sa amin ay natatanaw na nang bigla akong makaalala.

"Siyanga pala, Ma'am, kayo? Kayo pala? Ano ho iyong ipinunta ninyo sa sulok na iyon na … iniiyakan ko?"

Tumawa siya ng marahan at inulit ang mga salitang iyon; "ang sulok na iyon na … iniiyakan natin… nating dalawa." Nawala ang marahang halakhak sa kanyang tinig: "sana'y masabi ko sa iyo, ngunit… ang suliranin… kailanman. Ang ibig kong sabihin ay … maging higit na mabuti sana sa iyo ang… buhay."

Si Mabuti'y naging isang bagong nilikha sa akin mula nang araw na iyon. Sa pagsasalita niya mula sa hapag, pagtatanong, sumagot, sa pagngiti niyang mabagal at mahiyain niyang mga ngiti sa amin, sa paglalim ng kunot sa noo niya sa kanyang pagkayamot, naririnig kong muli ang mga yabag na palapit sa sulok na iyon ng silid-aklatan. Ang sulok na iyon,.. "Iniiyakan natin," ang sinabi niya nang hapong iyon. At habang tumataginting sa silid namin ang kanyang tinig sa pagtuturo'y hinuhulaan ko ang dahilan o mga dahilan ng pagtungo niya sa sulok na iyon ng silid-aklatan. Hinuhulaan ko kung nagtutungo pa siya roon, sa aming sulok na iyong… aming dalawa…

At sapagkat natuklasan ko ang katotohanang iyon tungkol sa kanya, nagsimula akong magmasid, maghintay ng mga bakas ng kapaitan sa kanyang sinasabi. Ngunit, sa tuwina, kasayahan, pananalig, pag-asa ang taglay niya sa aming silid-aralan. Pinuno siya ng maririkit na guni-guni ng aming isipan at ng mga tunog ng aming pandinig at natutuhan naming unti-unti ang kagandahan ng buhay. Bawat aralin namin sa panitikan ay naging isang pagtighaw sa kauhawan namin sa kagandahan at ako'y humanga.

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Wala iyon doon kanina, ang masasabi ko sa aking sarili pagkatapos na maipadama niya sa amin ang kagandahan ng buhay sa aming aralin. At hindi naging akin ang pagtuklas na ito sa kariktan kundi pagkatapos na lamang ng pangyayaring iyon sa silid-aklatan.

Ang pananalig niya sa kalooban ng maykapal, sa sangkatauhan, sa lahat na, isa sa mga pinakamatibay na aking nakilala. Nakasasaling ng damdamin. Marahil, ang pananalig niyang iyon ang nagpakita sa kanya ng kagandahan sa mga bagay na karaniwan na lamang sa amin ay walang kabuluhan.

Hindi siya bumabanggit ng anuman tungkol sa kanyang sarili sa buong panahon ng pag-aaral namin sa kanya. Ngunit bumanggit siya tungkol sa kanyang anak na babae, sa tangi niyang anak… nang paulit-ulit. Hindi rin siya bumabanggit sa amin kailanman tungkol sa ama ng batang iyon. Ngunit, dalawa sa mga kamag-aral namin ang nakababatid na siya'y hindi balo.

Walang pag-aalinlangan ang lahat ng bagay at pangarap niyang maririkit ay nakapaligid sa batang iyon. Isinalaysay niya sa amin ang katabilan niyon. Ang paglaki nang mga pangarap niyon, ang nabubuong layunin niyon sa buhay. Minsan, tila hindi namamalayang nakapagpapahayag ang aming guro ng isang pangamba, ang pagkatakot niyang baka siya hindi umabot sa matatayog na pangarap ng kanyang anak. Maliban sa iilan sa aming pangkat, paulit-ulit niyang pagbanggit sa kanyang anak ay iisa lamang ang mga bagay na "pinagtitiisang" pakinggan sapagkat walang paraang maiwasan iyon. Sa akin, ang bawat pagbanggit na iyon ay nagkakaroon ng kahulugan sapagkat noon pa ma'y nabubuo na sa aking isipan ang isang hinala.

Sa kanyang magandang salaysay, ay nalalaman ang tungkol sa kaarawan ng kanyang anak, ang bagong kasuotan niyong may malaking lasong pula sa baywang, ang mga kaibigan niyong mga bata rin, ang kanilang mga handog. Ang anak niya'y anim na taong gulang na. Sa susunod na taon siya'y magsisimula nang mag-aral. At ibig ng guro naming maging manggagamot ang kanyang anak–at isang mabuting manggagamot.

Nasa bahaging iyon ang pagsasalita ng aming guro nang isang bata sa aking likuran ang bumulong: "Gaya ng kanyang ama!"

Narinig ng aming guro ang sinabing iyon ng batang lalaki. At siya'y nagsalita.

"Oo, gaya ng kanyang ama," ang wika niya. Ngunit tumakas ang dugo sa kanyang mukha habang sumisilay ang isang pilit na ngiti sa kanyang labi.

Iyon ang una at huling pagbanggit sa aming klase ang tungkol sa ama ng batang may kaarawan.

Matitiyak ko noong may isang bagay ngang malisya sa buhay niya. Malisya nang ganoon na lamang. At habang nakaupo ako sa aking luklukan, may dalawang dipa lamang ang layo sa kanya, kumirot ang puso ko sa pagnanasang lumapit sa kanya, tanganan ang kanyang mga kamay gaya ng ginagawa niya nang hapong iyon sa sulok ng silid-aklatan, at hilinging magbukas ng dibdib sa akin. Marahil, makagagaan sa kanyang damdamin kung may mapagtatapatan siyang isang tao man lamang. Ngunit, ito ang sumupil sa pagnanasa kong yaon; ang mga kamag-aral kong nakikinig ng walang anumang malasakit sa kanyang sinasabing, "Oo, gaya ng kanyang ama," habang tumatakas ang dugo sa kanyang mukha.

Pagkatapos, may sinabi siyang hindi ko makalilimutan kailanman. Tiningnan niya ako ng buong tapang na pinipigil ang panginginig ng mga labi at sinabi ang ganito : "Mabuti… mabuti gaya ng sasabihin nitong Fe–Iyon lamang nakararanas ng mga lihim na kalungkutan ang maaaring makakilala ng mga lihim na kaligayahan. Mabuti, at ngayon, magsimula sa ating aralin…"


Natiyak ko noon, gaya ng pagkakatiyak ko ngayon na hindi akin ang pangungusap na iyon, ni sa aking mga pagsasalita, ni sa aking mga pagsusulat. Ngunit samantalang nakatitig siya sa akin ng umagang iyon, habang sinasabi niya ang pangungusap na iyon, nadama kong siya at ako ay iisa. At kami ay bahagi ng mga nilalang na sapagkat nakaranas ng mga lihim na kalungkutan ay nakakikilala ng mga lihim na kaligayahan.

At minsan pa, nang umagang iyon, habang unti-unting bumabalik ang dating kulay ng kanyang mukha, muli niyang ipinamalas ang mga nagtatagong kagandahan sa aralin namin sa panitikan. Ang kariktan ng katapangan; ang kariktan ng pagpapatuloy anuman ang kulay ng buhay.

At ngayon, ilang araw lamang ang nakararaan buhat nang mabalitaan ko ang tungkol sa pagpanaw ng manggagamot na iyon. Ang ama ng batang iyon marahil ay magiging isang manggagamot din balang araw, ay namatay, at naburol ng dalawang gabi at dalawang araw sa isang bahay na hindi siyang tirahan ni Mabuti at ng kanyang anak. At naunawaan ko ang lahat. Sa hubad na katotohanan niyon at sa buong kalupitan niyon ay naunawaan ko ang lahat.

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Sabihin sa klase na isa-isahin ang katangian ng guro sa kuwento na nagpapakita o naglalarawan ng kanyang pangalan. Paano bibigyan ng depinisyon ang salitang mabuti sa kanyang katauhan? Hanguin ang pangungusap mula sa kuwento upang maipakita ang depinisyon ng salita.






Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

3. **Kasanayang Panggramatika**

Talakayin sa klase ang Kasanayang Panggramatika.

Anapora – nasa unahan ang tinutukoy at nasa hulihan ang naglalarawan sa tinutukoy.

Halimbawa:

Si Mabuti ay isang guro. Lagi siyang tumatangis sa loob ng silid-aklatan at iyon ang naging usap-usapan sa paaralang kanyang pinagtuturuan.

Katapora – nasa hulihan ang tinutukoy at nasa unahan ang naglalarawan sa tinutukoy.

Halimbawa:

Lagi siyang tumatangis sa loob ng silid-aklatan at iyon ang naging usap-usapan sa paaralang kanyang pinagtuturuan. Siya si Mabuti.

4. **Pagpapayaman**

Ipasagot ang sumusunod na mga tanong:

a. Sino si Mabuti?

b. Anong lihim ang itinatago ni Mabuti?

c. Bakit siya tumatangis sa loob ng silid-aklatan katulad ng kanyang mag-aaral?

d. Kung ikaw ang isa sa kanyang mag-aaral, huhusgahan mo rin ba siya ng masama?

e. Bakit ganoon na lamang ang taas ng tingin ng tao sa moralidad ng mga guro sa ating lipunan? Ipaliwanag.

f. Ano ang lihim ni Mabuti? Bigyan ng patunay sa klase.

5. **Pagpapalawig**

Hatiin sa limang pangkat ang klase. Bawat pangkat ay manunood ng pelikula na may kinalaman sa pagiging guro tulad ng sumusunod na pelikula.

Mga mungkahing pelikula:

a. Manoro: The Teacher

b. Ang Munting Tinig

c. Bad Teacher

d. Beyond the Blackboard

e. Dead Poets Society

Pipili ng isang kinatawan ng pangkat na magaling magsagawa ng *mimicry* batay sa pangunahing tauhan sa dula at suriin ang kilos, damdamin, at saloobin sa totoong buhay ng guro.

**C. Kongklusyon**

Pasulatin ang mga mag-aaral ng buod ng kuwento na kung saan ay nais matuklasan ang lihim ni Mabuti. Gumamit ng *blog* para rito o elektronikong *journal*.

**Takdang Aralin**

Gumawa ng 10 balita tungkol sa mga guro ng inyong paaralan na kung saan ay kakikitaan ng papuri at pagmamalaki ng institusyong kinabibilangan dahil sa di-matawarang paglilingkod sa bayan. Magsagawa ng panayam sa kanila, sa katrabaho, sa kapamilya upang makakalap ng datos ukol sa kanila.

Ibalita ang kanilang ginawa upang maging kilala ang naturang paaralan. *I-video* ito at panoorin sa loob ng klase.

Ang magiging laman ng balita ay ang mismong paaralan at ang mga gurong nagiging bahagi ng tagumpay nito.

**Rubrik sa Pagmamarka (Maaaring baguhin)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Sining at Kaayusan | – | 40% |
| 2. | Angkop na Salitang Ginamit | – | 10% |
| 3. | Nilalaman | – | 30% |
| 4. | Paggamit ng Teknolohiya | – | 20% |
| | **Kabuuan** | **=** | **100%** |



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com